# May tanong, karamdaman o kapansanan?

**May mga trabaho para sa iyo. Matutulungan ka naming mahanap ito.**



## Pagiging Kuwalipikado

Maaaring kuwalipikado ka para sa aming programa sa Mga Serbisyo sa Trabaho para sa May Kapansanan kung ikaw ay:

- May natukoy na pinsala, karamdaman o kapansanan
- May edad na hindi bababa sa 14 hanggang 65
- Nasa o higit pa sa pinakamababang legal na edad ng pagtatrabaho sa iyong estado o teritoryo
- Nakapagtatrabaho nang hindi bababa sa walong oras kada linggo (na may suporta kung kinakailangan)
- Residente ng Australia
- Hindi nag-aaral nang buong oras (maliban kung ikaw ay kuwalipikadong hindi muna magpatuloy ng pag-aaral)
- Hindi nagtatrabaho sa o higit pa sa tinasang kapasidad mo sa pagtatrabaho

Maaari mong ma-access ang Mga Serbisyo sa Trabaho ng APM para sa May Kapansanan sa pamamagitan ng referral ng Centrelink o sa pamamagitan ng direktang pagrehistro sa amin.

## Bakit APM ang dapat piliin?

Kapag pumunta ka sa amin, makakakuha ka ng dedikadong kasangguni sa trabaho sa APM na makakasama mo sa bawat hakbang sa iyong paghahanap ng trabaho.

Malalaman ng iyong kasangguni sa trabaho ang iyong mga kalakasan, ang iyong mga hamon, pati na rin ang iyong mga layunin sa buhay.

Magtutulungan kayong balangkasin ang plano na isinasaalang-alang ang iyong kalagayan sa kalusugan, mga kakayahan, at mga interes.

Tutulungan ka naming tuklasin ang mga oportunidad sa trabaho sa mga negosyo at employer sa iyong lokal na komunidad.

APM employment services

# Narito kami para tulungan kang makahanap ng trabahong mapapanatili mo.



## Ang plano mo, iniangkop para sa iyo

Maaaring nahaharap ka sa mga hamon sa iyong buhay na nagpapahirap sa paghahanap ng trabaho.

O kung minsan, maaaring nararamdamang imposible ito.

Ang iyong plano sa trabaho ay ganap na iniangkop sa iyo para makamit mo ang iyong mga layunin sa pagtatrabaho.

Ang iyong indibidwal na plano ay maaari ring makatulong sa iyo sa:

- Pagbuo ng kumpiyansa
- Pagsusulat ng nakakaakit na resume
- Paghahanap ng angkop na trabaho
- Paghahanda para sa online at mga harapang panayam sa trabaho
- Karagdagang suporta para sa iyong mga isyu sa kalusugan

## Inuuna ka

Sa APM, nasa ligtas kang mga kamay.

Ang APM ay ang pinakamalaking provider ng Mga Serbisyo sa Trabaho para sa May kapansanan sa Australia, na nakatuon sa pagtulong sa mga naghahanap ng trabaho na tulad mo sa mas maraming komunidad kaysa sa sinuman.

Sa higit sa 500 lokasyon sa buong bansa, may kaalaman ang aming lokal na mga pangkat para matulungan kang makamit ang tagumpay.

Sa APM, maaaring mas malapit sa iyo ang bago mong trabaho kaysa sa iyong inaakala.

Hanapin ang iyong lokal na pangkat ng APM:

**1800 276 276**

**apm4jobs@apm.net.au**

**apm.net.au**

**I-scan dito para makapagsimula**

APM employment services